

**KATUTUBONG KAALAMAN AT KAKAYAHAN (KKK):
ISANG ULAT MULA SA “REPUBLIKA NG KALIBUGAN”**

Ponciano L. Bennagen

*Ang hindi lumingon sa pinanggalingan
ay di makararating sa paroroonan.
(salawikaing Tagalog)*

*Ang karunungan ay kapangyarihan.
(isang kasabihang Tagalog na may kahawig o katumbas
sa Pampango, Iloko, Aklanon, Waray at Chavacano)*

*Ang dunong ay di nasasaklaw ng pook.
(kasabihang Tagalog)*

Panimula

Bago ako nagretiro mula sa Unibersidad ng Pilipinas (UP) noong 1989, naging bahagi ako ng henerasyon na nagtatanong kung saan patutungo ang buhay ng mga akademiko at pamantasan kaugnay ng buhay pambansa. Pinagtatalunan ang usapin ng wikang pambansa sa edukasyon at pagkakaisang pambansa, *indigenous theory*, *indigenization* at “*Filipinization*.” Pinag-uusapan din ang *multidisciplinarity*, *interdisciplinarity* at *transdisciplinarity*, mga paksang tila likas sa *General Anthropology* na sumasaklaw sa *four fields* (ng *biological anthropology*, *archaeology*, *linguistics*, at *socio-cultural anthropology*). May pagtatanong kung angkop ba ang mga pamamaraan at konseptong Kanluranin (“*Western research methods and concepts*”) sa Pilipinas (Feliciano 1965). Ano ang tungkulin at pananagutan ng mga *social sciences* at *social scientist* sa lipunan at sambayanang Filipino? At marami pang ibang kahalintulad na tanong. Tungo sa pagsagot sa mga katanungang ganito, nagkaroon ng marami-rami ring pagsusumikap ng iba-ibang disiplina, lalo na sa sinasabing indihenisasyon at Filipinisasyon. Masigasig ang ilang social scientists sa

AghamTao, 2015, Volume 24:142-164

pamumuno ni Propesor Virgilio Enriquez sa pagsulong ng “sikolohiyang Pilipino” (cf Pe-pua & Protacio-Marcelino 2000). Sa antropolohiya, hindi bago ang usapin ng katutubong kaalaman at kakayahan na siyang nilalaman ng mga etnograpiya. Maliban sa pagsusulat ng mga etnograpiya, aktibo rin ang ilang antropologo sa pag-aaral ng mga kaalamang bayan o *folklore* sa pamumuno ni Dr. E. Arsenio Manuel ng UP Department of Anthropology.¹ Ganun din ang mga taga-Department of English and Comparative Literature (UP), lalong-lalo na si Prop. Damiana L. Eugenio.² Ang College of Education (UP) at Department of Science and Technology (Ministry noon) ay nagsagawa ng pananaliksik tungkol sa mga *belief systems* kaugnay ng *indigenous sciences*. Sa *Natural Sciences*, may mga naging aktibo sa pagsasa-Filipino ng terminolohiya, gaya ni Prop. Bienvenido Miranda (cf Miranda 1994).

May mga pagtatanong tungkol sa teoriya, paraan ng pananaliksik, at interpretasyon. May pagsusumikap tungkol sa *Filipino philosophy*, lalo na sa labas ng UP, gaya ni Fr. Leonardo Mercado, S.V.D (1977a, 1977b, 1979, 1994). Sa Agham Pampulitika, naaalala ko pa ang pagsusumikap ni Prop. Remigio Agpalo sa *indigenous theory* sa kanyang “pandanggo sa ilaw” (Agpalo 1969) at *organic-hierarchical paradigm* (Agpalo 1973). Sa UP College of Law, pinag-aralan ni Prop. Perfecto Fernandez noon pa mang dekada ‘70 ang *customary laws* ng mga grupong etniko sa Pilipinas (Fernandez 1976). Layunin nito na makaambag sa isang pambansang sistema ng batas bilang bahagi ng pagbubuo ng bansang Pilipinas (*nation building*). Noong 1982, naglabas ang UP College of Law ng isang dyornal, *Batas at Katarungan*, na kasama ang sanaysay ng human rights advocate at activist na si Jose W. Diokno, tungkol sa *Filipino concept of social justice*. Hinalaw niya ito mula sa mga konseptong katutubo ng mga Tagalog, Iloko, Ilonggo, Sebuano, at Pampango (cf Diokno 1987). Sa UP College of Music, inumpisahan ni Prop. Jose Maceda ang masinop na pag-aaral ng musika ng mga grupong etniko (cf Maceda 1981, 1998).

Bilang aking maliit na ambag sa kilusang ito, nakapagsulat at nakapaglathala ako, kahit pahapyaw, tungkol sa: etnograpiya ng mga Agta sa Palanan, Isabela na nakatuon sa ugnayan ng tao at kapaligiran (Bennagen 1977); kaingin sa Pilipinas at partikular sa mga Dumagat o Remontado ng tri-boundary area ng mga lalawigan ng Bulacan, Quezon at Rizal (1985a); katutubong sistema ng pagkatuto o *indigenous learning systems* (ILS) ng mga

¹ [Si Manuel ay itinuturing na isang “ama” ng *Philippine folklore*, nakapaglathala siya ng isang *Guide for the Study of Philippine Folklore* (1985). -ed.]

² [Tinataguriang “ina” si Eugenio ng pag-aaral ng panitikang-bayan. Tingnan ang kanyang *Philippine Folk Literature Series* na inilimbag ng UP Press. -ed.]

Kankana-ey ng Quirino, Ilocos Sur (1985b); at pagkakamag-anak sa ilang piling pamayanang Tagalog at implikasyon nito sa pambansang pag-unlad. Nakapagsulat rin ako ng ilang sanaysay na tumutukoy sa indihinisasyon, Pilipinisasyon, at Asianisasyon ng agham panlipunan at antropolohiya (1980, 1982). (Pag-alis ko sa UP, di ko na nasubaybayan ang mga pangyayari kaugnay ng mga usaping ito. Paminsan-minsan, may naririnig ako tungkol sa “pantayong pananaw” ni Prop. Zeus Salazar [cf Navarro et al. 2000] at “Pilipinohiya” ni Prop Prospero Covar [cf Bautista & Pe-Pua 1991].)

Ang paglikha ng kkk: lahat ng kaalaman ay katutubo

Mula nang magretiro ako sa UP, napasama ako at ang aming NGO (nagsara noong 2010) sa iba’t ibang gawain sa iba-ibang pook ng Pilipinas gaya ng mga seminar, workshop, training, disaster relief, at rehabilitation sa Gitnang Luzon kaugnay ng pagputok ng Mt Pinatubo, *community organizing* at *community development* kaugnay ng *human rights*, kasama ang *child rights*. Ang aming NGO ay napasama sa mga *community-based projects* tungkol sa *biodiversity conservation* at *renewable energy* sa iba-ibang bahagi ng bansa, at *conflict resolution* sa Gitnang Mindanao kasama ang ilang katutubo at Moro. Malaking bahagi ang mga ito ng aking kabuuang *fieldwork* na siyang batayan ng papel na ito. (Pinalawak ko ang tradisyunal na kahulugan ng *fieldwork*. Sa aking gamit, kung may mga tao at pinagmamasdan, “pinag-aaralan” sila, *fieldwork* na yun! Pati mga likhang-tao, pag pinag-aralan, bahagi ng *fieldwork* yun.)

Mula sa aking *fieldwork*, aking napansin na halos lahat ng kaalaman, lalong-lalo na ang tungkol sa ugnayan ng kalikasan at tao, ay may tiyak na pook-likhaan (*place of production*). Sa pinaglikhaan o pinagmulan ng kaalaman, ito ay may kaakibat na kakayahan o gamit sa salita, sa isip, sa damdamin, sa diwa, at sa gawa – samakatwid pangkabuuan. Sa kanayunan, kabundukan, at tabing-dagat, matitingkad ang mga kaalaman tungkol sa kalikasan at sa mga gamit at pangangalaga – pati pagsira – ng mga ito. Nariyan ang mga kaalaman, kapaniwalaan, at kakayahan tungkol sa maraming bagay at pangyayari at tungkol sa iba pang mga tao. Ang mga kaalaman, kapaniwalaan, at kakayahang ito na nagmula sa matagal na ugnayan ng mga tao sa isa’t isa at sa kanilang kapaligiran ay siya ngayong tinatawag na “katutubong kaalaman at kakayahan (kkk)”, mga katagang una kong narinig sa ilang Ayta ng Zambales noong nagsagawa kami ng “*biodiversity conservation project*” sa kanilang lugar sa Mt. Pinatubo. Kung minsan, ginagamit nila ang katagang “kinagisnan” sa halip na “katutubo”. Mula noon, mga kalagitnaan ng dekada ‘90, ginamit ko na ang “katutubong

kaalaman at kakayahan” (Bennagen 2004:53). Kung tutuusin, ang kabuuan ng kkk ay siya rin ang kalinangan, humigit-kumulang.

Gayunman, kahit itinuturing ang kkk na isang kabuuan o sistema, hindi sabay-sabay ang gamit at bisa ng mga sangkap ng kkk. Maaaring pinag-uusapan lamang ngunit hindi isinasagawa o isinasabuhay. Maaari ring dahil nakasanayan na o nakaugalian na, isinasagawa na lang at di na pinag-iisipan. At kung minsan, ang gawain ay dahil sa bugso ng damdamin, o kaya ay dahil sa matamang pangangatwiran, o sa malasakit. At dahil sa paniniwala sa diwa ng isang kkk, maaaring isabuhay din ito nang lubusan. (Mababanaag ang ganitong dinamiko sa huling linya ng “Iniibig Ko Ang Pilipinas: Sisikapin ko ang maging tunay na Pilipino, sa isip, sa salita at sa gawa”.) Nangyayari ring alam at natatandaan pa ng mga matatanda ang “kaalaman” pero hindi na isinasabuhay o kayang isabuhay dahil sa pagbabago ng kapaligiran at sa pagkakaroon ng bagong kaalaman. Makikita ito sa ganitong pormulasyon: $kkk + dkkk = bkkk$; $kkk =$ katutubong kaalaman at kakayahan, $dkkk =$ dagdag kkk, at $bkkk =$ bagong kkk.

Ayon sa kasabihang Tagalog na binanggit sa itaas, ang kaalaman ay hindi sinasaklaw ng pook. Mula sa pook-likhaan, saan man sa mundo, ang kkk (termino o konsepto o gawain) ay maaaring kumalat sa ibang pook sa pamamagitan ng migrasyon at iba pang sistema ng komunikasyon (e.g., pasalita, pasulat o pa-*digital* sa ngayon). Sa pagkalat at paglaganap nito sa ibang pook, at maging sa pinanggalingang pook mismo, nagbabago, dinadagdagan, binabawasan, kinakalimutan, inililihim at sinasarili, nawawala o namamatay, binubuhay uli at sinasariwa, hinihiram at inaangkin, ibinibenta at pinagkakakitaan, ipinagtatanggol o pinoprotektahan, ninanakaw, at kung anu-ano pa. Sa kabuuan ng buhay at kasaysayan ng kkk, masasabi na may sinaunang kkk, o mga sangkap nito, na nananatiling buhay, may nawawala at may bago. May nananatiling panlokal, may nagiging pambansa, at may nagiging pandaigdigang. Dahil dito, hanggang ngayon, may mga kaalamang may tatak Arabo, Hindu, Tsino, Griyego, Kanluranin, at Silanganin, atbp na nananatiling buhay sa labas ng kani-kanilang pook-likhaan.

Tungkol sa kakayahang lumaganap at manatiling buhay ng isang kkk, malaki ang papel ng pagkakasulat nito at sa paggamit nito ng mga *literate cultures/civilization* sa panahon ng pananakop o imperialismo. Halimbawa, hanggang sa ngayon, malaganap pa rin ang pag-iral ng tinatawag na *Western thought*, mga kaalamang nakalabas na mula sa kani-kanilang pook-likhaan sa Kanluran. At dahil nakasulat at ginagamit sa pagpapalaganap ng pananampalataya, ang Biblia at Koran bilang mga kkk na may tiyak na pook-likhaan, ay laganap sa maraming bahagi ng mundo.

Gayunman, sa kasalukuyang gamit ng terminong kkk sa mga babasahin, karaniwang iniuugnay ito sa mga pangkat ng tao na tinatawag na *indigenous peoples* (IPs) o *indigenous cultural communities* (ICCs). At karaniwan ding nililimita ang kkk sa kaalaman tungkol sa kalikasan at sa pangangalaga nito (e.g., *traditional ecological knowledge*, *ethno-ecology*, *indigenous resource management*). Kaugnay ng mga ito, may pagbanggit din sa *indigenous worldview*, *indigenous religion*, *indigenous law*, *indigenous cosmology*, at *indigenous philosophy*.

Ang kkk sa Pilipinas mula sa mga hiwa-hiwalay na pamayanan at barangay hanggang sa “Republika ng Kalibugan”: isang balangkas at paghahalimbawa

Nagsimula ang paglikha ng kkk sa kapuluan na ngayon ay tinatawag na Republika ng Pilipinas noong nag-umpisang may nanirahang tao (*Homo sp.*) sa ilang pook. Makikita natin ito sa mga labi nila na nahukay ng mga *archaeologists* (hal., Fox 1967, 1970; Jocano 1975a; Mijares 2006). Sa pagdaan ng panahon, nagkaroon ng ugnayan ang mga pamayanan sa kapuluan at sa mga karatig na bansa, gaya ng Tsina. Sa ganito, nagkaroon ng dahan-dahang pagbabago ng kkk dahil sa paghahalu-halo ng dating lokal na kkk at mga dayong kkk. Nagpatuloy ang ganitong paghahalo ng iba-ibang kkk sa pagdating ng iba pang kkk na dala ng mga Muslim, na sinundan ng kkk ng mga Kastila at kkk ng mga Amerikano (USA) at mga Hapon. (Dahil sa kakulangan ng panahon, hindi ko na babanggitin ang iba pang kkk.)

Dahil sa pananakop ng mga mga Kastila sa ilang bahagi ng kapuluan at sa kanilang kakayahang sumulat, naitala nila ang ilang mga kkk ng ilang mga pamayanan at grupong etniko. Nakapagsulat rin sila ng ilang diksyunario. Sa pag-aaral ni William H. Scott (1994) ng mga dokumentong gaya ng mga ito, nilagom niya ang kkk ng ilang grupong etniko sa kapuluan, lalo na yaong may kaugnayan sa kalikasan at kabuhayan (tingnan din ang kay Jocano 1995b). Sa pananakop ng mga Amerikano, nagsagawa sila ng mga pag-aaral o etnograpiya ng ilan pang grupong etniko, upang gamitin sa pananakop (cf Tan 2010). Nasundan ang ganitong pag-aaral ng iba pa na isinagawa ng mga sumunod na henerasyon ng mga antropologo galing sa iba-ibang bansa, at ng mga Filipino mismo.

Ipinapakita ng mga sinulat ng mga historiador at antropologo ang mga sumusunod: 1) na ang tawag sa sarili ng maraming grupong katutubong etniko ay nakaugnay sa kalikasan gaya ng Igolot—taga-golot o bundok, Tagalog o taga-ilog), Sugbuhanon (taga-sugbu, isang lugar na may dadaanang mababaw na tubig), Subanon (taga-suba), Kapampangan, Tausog (tao ng sulog o agos), at marami pang iba. 2) Ipinapakita rin na ang

kanilang kabuhayan at teknolohiya, pananampalataya at ritwal, pulitika at batas, damit, sining, atbp ay may tuwirang ugnayan sa kalikasan.

Ang ganitong pagkakaugnay-ugnay ng kabuuan ng mga kkk ay makikita sa karaniwang nilalaman ng mga etnograpiya: kapaligiran, populasyon, organisasyong panlipunan, ekonomiya at teknolohiya, relihiyon, pulitika, sining, atbp.

Sa pagkatatag ng Republika ng Pilipinas, ang mga lokal na kkk ay nag-umpisang magkaroon ng pook pambansa – ang tinubuang lupa ay naging pambansang Tinubuang Lupa na siyang pook – ng mga bagong kkk. Lalo pang pinatingkad ng 1987 Philippine Constitution ang kkk sa pagkilala nito ng kataga at konsepto ng “indigenous” (Art. XII, Sec. 5). Ang pook pambansa na tinatawag na Republika ng Pilipinas (RP) ay aking itinuturing na “Republika ng Kalibugan” (RK).

Republika ng Kalibugan (RK)?

Mula sa fieldwork: mga karanasan tungkol sa kkk at kalibugan. Sa aking fieldwork sa iba-ibang pook ng Pilipinas mula Itbayat, Batanes hanggang Bongao, Tawi-tawi, at sa mga istorya-istoryahan, mga *workshops* at *training seminars*, aking tuwirang naranasan ang pagkakaiba-iba – at pagkakahawig din – ng iba-ibang grupong etniko sa Republika ng Pilipinas (RP). Tuwiran kong naranasan ang kahirapan na dulot ng kawalan ng isang malaganap na wikang pambansa, pasalita at pasulat, sa kabila ng pagkakaroon ng *official national language policy*. Dapat tandaan na ang wika ay napakahalaga, kung di man pinakamahalaga, sa paglikha at pagsasabuhay ng kkk. Kadalasan, sa mga karaniwan at pang-araw-araw na usapan, halo-halong wika ang gamit. Karaniwan din na dinadagdagan ang bokabularyo ng mga katagang “ano” at “kuwan” na sinasabayan ng kumpas-kamay at iba pang galaw ng ibang bahagi ng katawan. Tila baga ito ang pambansang wika! Ngunit, kapag malaliman na ang pinag-uusapan, lalo na kung may mga *technical terms* na karaniwan ay Ingles, humihirap at tumatagal ang usapan. Kinakailangan ang pagsasalin sa kung anuman ang pinakalaganap na wika sa rehiyon (*regional lingua franca*) at pagbibigay ng mga konkretong halimbawa. Nakakaubos na ng panahon, di mo pa tiyak kung totoong nagkaunawaan na. Mapagpanuto ang sabi sa akin ng isang Manobo sa isang pagsasanay (gamit ang halu-halong/sinagol-sagol na Bisaya, Tagalog at English) tungkol sa *biodiversity* at *biodiversity conservation*, pati na *carbon sink* at *carbon footprint*: (sa wikang Tagalog) “sa *training* natin, baka singkwenta por siyento lang ang naintindihan ko; at kayo baka ganun din ang naintindihan ninyo sa aming paliwanag.” (Noong inumpisahan namin ang mga *training seminars*, nagtaka ang mga ilang kasali, mga bata at matanda, kung bakit may mga dala kaming

manila paper, pentel pen, notbuk, lapis at bolpen. Sa aming pagtatanong-tanong, napag-alaman namin na sa kanilang karanasan, ang “*training*” ay nangangahulugan ng *military training* kaya inasahan nila na ang dala namin para sa training ay mga baril – panlaban sa mga kumakamkam sa natitira nilang lupa at kagubatan!)

Sa mga ganitong sitwasyon ng pagkalito dahil sa hirap ng komunikasyon, ang malimit kong marinig (kapag nasa Kabisayaan at sa Mindanao kami) ay mga katagang may kaugnayan sa pagkalito: “makalilibog”, “nalibog na ako.” Nakakaranas sila ng “kalibugan” o kalituhan dahil sa wika. Kaugnay pa rin ng “kalibugan,” sa Zamboanga Peninsula, batay sa etnograpiya ng mga Subanen (tingnan ang bibliograpiya ni Esteban 2002), may grupong etniko na tinatawag na Kalibugan. At sa Brgy. Rogongon, Lunsod ng Iligan, may mga grupong etniko na ang tawag sa sarili ay Kolibugan (bagaman may nagsasabi na inumpisahan gamitin ito ng mga taga-labas). Ang salitang-ugat nito ay “libog” na ang ibig sabihin ay pinaghalo-halong iba-ibang sangkap, gaya ng “halong dugo” o “mixed blood” (Esteban 2002:110 ff). Diumano, ang mga Kalibugan sa Zamboanga ay galing sa pagsasama ng mga Subanen (katutubo ng Zamboanga) at mga Moro. Ang mga Kalibugan/Kolibugan ng Brgy Rogonon ay galing sa pagsasama ng Higaonon at Maranao Moro (Pailig Development Foundation, Inc. 2007:9ff, 15, 36). Sa Panay, nagamit rin daw ang katagang ito sa pagsasama ng “*Malayan and Negrito blood*.”³ Kalibugan din ang tawag sa isang grupo sa pook ng mga Batak sa Palawan (Enedina Paulate, komunikasyong personal 2015).

Kaugnay pa rin ng “pinaghalo-halong sangkap” na kahulugan ng “kalibugan,” ang pambansang sistemang legal ng Pilipinas ay “mestizo” dahil galing sa iba’t ibang sistemang legal dulot ng sari-saring kolonisasyon (Agabin 2011). Sa ganitong pakahulugan, masasabing ang 1987 Philippine Constitution ay isang “kalibugan,” isang dokumentong may iba-ibang sangkap na pinaghalo-halo ng mga sumulat at pinagtibay ng sambayanang Filipino sa isang plebisito.

Sa kabuuan ng lipunan at kalinangan ng bansang Pilipinas, na nagmula sa iba-ibang maliliit at “nakabukod” o “nagsasariling mga pamayanan” (na kahit papaano ay may ugnayan sa isa’t isa, halimbawa sa kalakalan, pag-aasawahan) ay kasalukuyang umiiral ang kalibugan, mula sa dumadaming *hyphenated* na -Filipino (halong dugo at citizenship), hanggang sa mga halo-halong sangkap ng wika, ekonomiya at teknolohiya, pulitika, relihiyon,

³ [Emerson Brewer Christie, editorial review ng Esteban 2002.

<http://www.amazon.com/exec/obidos/ASIN/9715062156/gemotrack4-20/ref=nosim>]

edukasyon, pagkain, arkitektura, pananamit, literatura, musika, at iba pang sining.

Masalimuot ang kairalan – tunay na kalibugan. Sa ganitong diwa at pakahulugan ng “kalibugan,” pati na ang mga gawain kaugnay nito, kasama ang mga kaakibat na pagtalu-talo sa kung ano ang nararapat na halo at tunguhin, ang siyang aking paggamit ng “kalibugan” sa “Republika ng Kalibugan” (RK) bilang panturing sa Republika ng Pilipinas (RP). (Nanghihingi ako ng paumanhin sa mga “orihinal” na Kalibugan sa pinalawak kong paggamit ng katagang “kalibugan” kung sakaling di katanggap-tanggap sa kanila ang aking pag-angkin ng kanilang pantawag sa kanilang sarili. Sana maintindihan nila na sa paggamit ko ng katagang ito ay maaaring makaambag sa paglilinaw ng umiiral na kalibugan ng kasalukuyang kairalan, gaya ng mungkahi ko sa sulating ito, at sa pag-aaral kung ano ang tunguhin mula sa kalibugan tungo sa kalinaw/kalinawan.)

Sa aking palagay, may halaga – teoretikal at praktikal – ang pagkilala at pagtanggap sa kataga at konsepto ng “kalibugan” sa pag-aaral ng kkk sa RP *a.k.a.* RK. Una, naniniwala ako na sadyang kalibugan ang pangkalahatang katangian ng kairalan. Ito ay may sari-sari at iba-ibang sangkap na sa panapanahon ay nagkakaroon ng pagkakaugnay, pagkakabuo at pagbabago. Bawa’t isa nito ay may galaw na nanghihingi rin ng pag-aaral tungo sa pag-unawa ng kabuuan sa partikular na panahon at pook ng pagsusuri. Ang mga ito ay umiiral sa buong mundo, at lalo pa ngang tumitindi ang kalibugang pandaigdig kaakibat ng globalisasyong lubhang mabilis at bumibilis pa (isang uri ng pagbabago).

Pangalawa, gaya ng nasabi na sa itaas, hindi ligtas ang RP sa ganitong kairalan. Dahil dito, ang pagturing, lalong-lalo na ang pagtanggap, na RK ang RP ay nanghihingi ng mas masigasig at sama-samang pagsasaliksik tungo sa paglikha ng mga bago, nararapat, at katanggap-tanggap na kkk. Ang konsepto, galaw, at paraan ng kalibugan ay nanghihingi ng pagsaalang-alang sa mga likas o bayolohikal, panlipunan at pang-kalinangang sangkap at ang ugnayan ng mga ito, para sa isang adyendang pangkabuuan o pangkalahatan o programa ng pag-aaral at pagkilos. Masasabing matagal nang isanasagawa ito ng mga pamantasang sumasaklaw sa tradisyunal na tatlong sanga ng kaalaman: *natural sciences*, *social sciences*, at *humanities*. Masasabi ring isinasabuhay ito ng iba-ibang kalipunan, mulat man sila o hindi sa ganitong kalibugan.

Kung ganun, bakit kailangan ang bagong adyenda ng pag-aaral? May mga konsiderasyong praktikal, isa na rito ang pagbibigay-halaga sa ating napabayaang kabang-yaman ng kkk. Ang mga ito ay tuburan ng kinaadman o “*renewable intellectual resource*” na sa tamang gamit ay makatutulong sa

pagtugon sa mga bagong hamon ng “*nation-*” at “*state-building*” sa konteksto ng pabilis nang pabilis na globalisasyon. Isang tila simpleng-simpleng halimbawa: nariyan ang usaping pisikal-kultural – ang kulay ng balat. Likas ang pisikal at bayolohikal na katangian ng tao, pero pag pumasok na ang usaping lipunan at kultura, nagkakaroon ng kalibugan (paghahalo ng iba-ibang sangkap) na lumilikha ng dagdag-kalibugan. Likas ang kulay-balat gaya ng kayumanggi, itim, dilaw, o anu pa man. Sa Pilipinas, may alamat (isang uri ng kkk) pa nga tayo na sa paglikha ng ating mga ninuno, lumitaw na tamang -tama at pinakamaganda ang kayumanggi – ang puti ay kulang sa luto at ang itim naman ay sobra. Bakit nagkahilig sa puti at inaayawan o kinukutya ang mga maitim ang balat? Iba na ang maputi! At dagdag: iba na ang matangkad! Dahil lang ba ito sa patuloy na kolonisasyon ng ating isipan? Tila simple, pero masalimuot ang epekto nito sa pang-araw-araw na buhay, sa ekonomiya, sa pulitika, sa sining, at sports. At sa sistema ng edukasyon.

Isa pang halimbawa: Ang pagkakamag-anak (kkk na may sangkap pisikal, panlipunan, at kultural) ay nananatili, tumitindi, at lumalaganap ang impluwensya sa ating buhay pambansa. Nariyan ang usapin ng *political dynasty* na isang mainit na isyung pambansa ngayon. Sa unang pambansang gamit ng unlaping “ka-“ (na sinamahan ng hulaping “-an”) sa panahon ng unang yugto ng himagsikang pambansa, nagsa-anyo itong Kataastaasang Katipunan ng mga Kagalang-galangang mga Anak ng Bayan o KKK nina Andres Bonifacio. Sa pambansang antas at pook-likhaan ng kkk, maituturing ang KKK na kkk. May mga sangkap na katutubo, kasama na rito ang wikang Tagalog, na hinaluan ng mga hiram na sangkap at inangkin ng himagsikan. Mula sa kalibugan, nagiging katutubo sa paglikha, sa pagsasabuhay sa Lupang Tinubuan. (Makikita ang pagkakaiba ang “dating” ng *La Liga [Filipina]* kung ikumpara sa KKK.) Sa pagdaan ng panahon, nagpatuloy ang gamit ng KKK bagaman nag-iiba-iba ang nilalayan at nilalaman. Ang KKK ay naging Kilusang Kabuhayan at Kaunlaran sa panahon ni Ferdinand Marcos. Naging kaibigan, kaklase, kabarilan (KKK) sa panahon ni Benigno Simeon Aquino III. Nananatili at dumarami ang anyo ng KKK dahil sa *highly renewable linguistic resource* na unlaping “ka-“ at hulaping “-an” na matatagpuan din sa iba pang katutubong wika sa Pilipinas.

Ang KKK at ang unlaping “ka-“ ay tunay na malaganap na kkk na patuloy na nagbabagong-anyo: Kapamilya, Kapuso, Kapatid, kabayan (tawag sa isang brodkaster at ng kanyang *radio-TV program*, kasama, kapartido, kaasenso, kanegosyo, katextmate, ka-Facebook, kakutsaba, kalaban, at kung anu-ano pa. Ginagamit ito na pantawag-pansin, panghikayat, pang-uuto sa pang-araw-araw na buhay, sa pulitika, sa komersiyo, sa pakikibaka, at maging sa krimen.

Sa ganitong halimbawa ng kasaysayan ng kalibugan ng taal na kkk at hiram na kkk, ano ang dapat haluin o pagsamahin? Ano ang tamang halo? Paano paghahaluin? Sino-sino ang nararapat lumahok sa pagsasama at paghahalo? Mula sa kalibugan, ano ang dapat gawin patungo sa kalinaw/kalinawan? Para kanino ang bagong kkk? At marami pang ibang mga kahalintulad na katanungan. Kung tutuusin, hindi naman bago ang mga katanungang ito, lalo na sa mga akademiko, gaya ng nabanggit ko sa panimula. Sa anu't ano man, ang pagbibigay ng pansin at diin sa gamit ng kkk at ang panawagan na gawing angkop, matatag, malikhain, at mabungang batayan ng pag-aaral ng pambansang pamumuhay, maaaring bago ang lipunan at kultura. (Kahit ang puntong ito ay pinagtatalunan.)

Sa ngayon, tungkol sa salita at konseptong *indigenous*, isa lang ang hindi maipagkakaila para sa ating buhay pambansa: nasa 1987 *Constitution* at sa *Indigenous Peoples' Rights Act* (IPRA o R.A. 8371) ang katagang "*indigenous*" na isinalin sa Tagalog na "katutubo." Dahil sa pagsasa-konstitusyon nito, tahasang magagamit ito sa patuloy na pagbububuo at pagpapatatag sa bansa at estado (*nation at state building*). Malaking hamon ito sa mga tagapaglikha ng bagong kkk gaya ng mga unibersidad at iba pang mga *research institutions*.

Ang "indigenous" sa 1987 Philippine Constitution at IPRA. Tumingkad at lumaganap ang gamit ng katagang "*indigenous*" at "katutubo" at "lumad" mula sa mga probisyon ng 1987 *Philippine Constitution* at IPRA na, sa kauna-unahang pagkakataon, ay naglalaman ng katagang "*indigenous*." Humigit kumulang ay may anim na probisyon tungkol rito:

- Sa *Declaration of Principles and State Policies* (Art. 11, sec 22), "(t)he State recognizes and promotes the rights of indigenous cultural communities within the framework of national unity and development."
- Sa *Legislative Department* [Art. VI, sec. 5(2)], kasama ang mga *indigenous cultural communities* na dapat ihalal na *party-list representatives*.
- Sa *National Economy and Patrimony* (Art. XII, sec. 5), "*the State...shall protect the rights of indigenous cultural communities to their ancestral lands to ensure their economic, social, and cultural well-being.*

The Congress may provide for the applicability of customary laws governing property rights or relations in determining the ownership and extent of ancestral domain.

- Sa *Education, Science and Technology, Arts, Culture and Sports [Art. XIV, sec. 2(4)]*, the State shall...encourage indigenous learning systems, among others.
- Sa sec. 10 ng parehong artikulo, the State “shall support indigenous, appropriate, and self-reliant scientific and technological capabilities, and their application to the country’s productive systems and national life.”
- At sa sec. 17, “(t)he State shall recognize, respect, and protect the rights of indigenous cultural communities to preserve and develop their culture, traditions and institutions. It shall consider these rights in the formation of national plans and policies.

Dapat pansinin na ang gamit ng *indigenous*, maliban sa sec. 2(4) at sec. 10, ay patungkol sa mga *indigenous cultural communities* (ICCs). Ang *indigenous learning systems* (ILS) ay matutunton natin sa inisyatiba ng Southeast Asian Ministers of Education Organization (SEAMEO) na nagtaguyod ng pag-aaral nito para sa repormang pang-edukasyon (Soriano 1981, Bennagen 1985). Hindi nililimita ang ILS sa mga tinatawag ngayon na IPs/ICCs. Sa pananaw ng SEAMEO ay may pambansang saklaw ang ILS lalo na sa mga bansang dumanas at dumaranas pa ng kolonisasyon o Westernization. Kaya lang, sa Pilipinas, tinutukan ang mga IPs/ICCs sa pagpapatupad ng patakaran tungkol sa pagtataguyod ng ILS. Kaya noong 2011, pagkaraan ng mga konsultasyong rehiyonal at pambansa sa mga kinauukulan, lalong-lalo na ang mga grupong katutubo, ang Kagawaran ng Edukasyon ay naglabas ng *National Indigenous Peoples Education Policy Framework* (DepED Order No. 62, series 2011) na siyang gumagabay sa mga gawaing pang-edukasyon patungkol sa IPs.

Ang “*indigenous science and technology*” ay galing sa kilusang “*appropriate technology*” noong dekada ‘80. Hindi ko tiyak kung may *official policy* ang Kagawaran ng Agham at Teknolohiya (Department of Science and Technology o DOST) tungkol rito, pero ayon sa balita kailan lang ay may nakapagbuo na o may nayari nang “*road train*” ang DOST na dito lang sa Pilipinas meron. Sa ganito, matatawag ang *road train* na bagong kkk.

Ang “*indigenous peoples / indigenous cultural communities*” ay galing sa kilusang pandaigdigang ng indigenous peoples para sa pagkilala ng kanilang mga karapatang pantao. Sinamahan ito ng organisadong katutubo ng Cordillera lalong-lalo na sa partisipasyon nila sa gawain ng Working Group on Indigenous Populations ng United Nations (Reyes at Okubo 2011) at sa mga anthropologists. Sa kalaunan, sumama na rin ang ibang IPs/ICCs sa iba

pang panig ng Pilipinas. Ang mga kilusang ganito ay naging bahagi ng pangkalahatang pagkilos laban sa diktaturya ni Ferdinand E. Marcos.

Sa RK, sino ang mga tinatawag ngayon na IPs/ICCs? Sila ang mga grupo na sa iba-ibang panahon ay tinawag o binanggit sa kani-kanilang katutubong pangalan mismo o sa pangkalahatang termino: *indios*, *salvajes*, *tribus independientes*, *infielos*, sa panahon ng mga Kastila; *non-Christian tribes* (kasama ang mga Moro) sa panahon ng mga Amerikano; at *national minorities* sa mga unang dekada ng Republika ng Pilipinas. Dahil sa pagsusumikap ng dalawang delegado (isang Bontoc at isang Maguindanao Muslim) na kasamang sumulat ng 1973 *Philippine Constitution*, binago ang terminong “*national minorities*” at ginamit ang tawag na “*cultural communities*.” Ito ay naging “*indigenous cultural communities*” sa 1987 *Constitution* bunga ng matatag na *lobby* ng mga *indigenous groups* at *non-government organizations*, kasama ang mga taong simbahan at suportang grupo ng mga katutubo. Kaugnay nito, mahalagang banggitin ang naging papel ng mga akademikong organisasyon kagaya ng U.P Anthropology Department, Ugnayang pang-AghamTao (UGAT), at Philippine Social Science Council (PSSC) sa kanilang papel sa pagtataguyod ng kkk at mga karapatang pantao ng mga katutubo sa pamamagitan ng *research*, kumperensiya, *symposia*, at iba pa. Nakatulong rin ang sinulat ng mga abogado tungkol sa *custom law* bilang ambag sa “*nation building*” (Fernandez 1975).

Sa pagkilala ng 1987 Konstitusyon sa karapatan ng mga katutubo na tinawag nang ICCs, ang DENR noong 1992 ay naglabas ng *Dept. Administrative Order 02, series of 1992*, para sa pagkakaroon ng mga ICCs/IPs ng *Certificate of Ancestral Domain Claim* (CADC). Isa sa mga pangangailangan nito ay ang dokumentasyon ng kkk na isinagawa ng mga katutubo mismo o mga katulong na grupo at indibidwal, pati na ilang antropologo. Nagamit rin ang ilang etnograpiya na nailathala na.

At noong 1997, naipasa ang *Republic Act 8371* o *Indigenous Peoples Rights Act* (IPRA). Sa batas na ito nagkaroon ng opisyal na depinisyon ng IPs/ICC. Ayon sa IPRA, sec 3 (h),

“Indigenous Cultural Communities/Indigenous Peoples refer to a group of people or homogenous societies identified by self-ascription and ascription by others, who have continuously lived as organized community on communally bounded and defined territory, and who have under claims of ownership since time immemorial, occupied, possessed and utilized such territories, sharing common bonds of language, customs, traditions and other distinctive cultural traits, or who have, through resistance to political, social and cultural inroads

of colonization, non-indigenous religions and cultures, became historically differentiated from the majority of Filipinos. ICCs/IPs shall likewise include peoples who are regarded as indigenous on account of their descent from the populations which inhabited the country, at the time of conquest or colonization, or at the time of inroads of non-indigenous religions and cultures, or the establishment of present state boundaries, who retain some or all of their own economic, social, and political institutions, but who may have been displaced from their traditional domains or who may have resettled outside of their ancestral domains.”

Mula noon, dumami ang mga gawain kaugnay ng kkk. Dumami ang IPs/ICCs na nagnais magkaroon ng dokumento bilang opisyal na pagkilala sa pag-aari ng kani-kanilang ancestral domain o lupaing ninuno, kaya dumami rin ang pananaliksik at dokumentasyon ng kkk, kasama na rito ang katutubong pamamahala ng likas yaman at katutubong batas, na dati nang gawain ng mga anthropologists (Bennagen at Lucas-Fernan 1996).

At ano naman ang kkk? Gaya ng kasaysayan ng mga salitang “IPs” o “ICCs,” ang *indigenous knowledge systems and practices* (IKSP) o kkk ay bagong termino para sa dating nilalaman na ng etnograpiya. Lumitaw at tumingkad ang IKSP bilang isa sa mga tugon sa pandaigdigang krisis ng kapaligiran kaya nagakaroon ng panibagong pagbibigay-diin sa kkk tungkol sa kalikasan para sa tinatawag na “*sustainable development*” (WCED 1987:114-116, *Agenda 21/United Nations 1992a, Convention on Biological Diversity/United Nations 1992b*). Sa literaturang Ingles, tinatawag din ang IKSP na *traditional ecological knowledge, local knowledge, traditional lore*. Sa ngayon, ang NCIP mismo ay may opisyal na pakahulugan ang kkk. Ayon sa *NCIP Administrative Order No.1, series of 2012*, ang IKSP ay:

“... systems, institutions, mechanisms, and technologies comprising a unique body of knowledge evolved through time that embody patterns of relationships between and among peoples and between peoples, their lands, and resource environment, including such spheres of relationships which may include social, political, cultural, economic, religious spheres, and which are the direct outcome of the indigenous peoples’ responses to certain needs consisting of adaptive mechanisms which have allowed indigenous peoples to survive and thrive within their socio-cultural and biophysical conditions.” [Sec, 6(f).]

Sa pagbibigay-halaga sa lokal na kkk at sa paggamit nito sa pangangalaga at pagtatanggol sa kalikasan, lalo na ang *biodiversity*, ang mga lokal na kkk ay nagkakaroon ng pandaigdigang halaga sa pagtugon ng ilang suliraning pandaigdigang sa kalikasan lalo na *biodiversity conservation* at sa *climate change* at *global warming*. Sinasabi na kapag mawala ang mga ito sa kanilang pook-likhaan o pinagmulang pook, mawawala rin sila sa kabuuan ng mundo. Sa diwang ito, ang lokal na kkk ay nagkakaroon ng pandaigdigang halaga at pook, lalo na usaping *biodiversity conservation* at *climate change* at *global warming*. Ang lokal na kkk ay nagiging pandaigdigang kkk.

Pagsasabuhay ng kkk sa RK: ang mga Teduray-Lambangian (T-L) ng gitnang Mindanao

Ang mga Teduray-Lambangian o T-L (ang mga Lambangian ay galing sa pagsasama ng mga Teduray at Dulangan Manobo, kaya masasabi rin na sila ay kalibugan) ay nakatira sa dulong hilaga ng bulubunduking bahagi ng Daguma sa dulong timog ng Maguindanao. Mula noong 1989, sa pagpasa ng R.A. 6734, ang *Organic Act for the Autonomous Region in Muslim Mindanao*, sila ay pumaloob sa ARMM. Sa plebisito ng R.A. 6734, ang mga barangay at munisipalidad na mayorya ang mga T-L ay hindi pumayag na pumaloob sa ARMM. Pero dahil probinsiya ang pinagbatayan ng pagsama o hindi sa ARMM, napilitan silang magpasakop sa ARMM. Ganito rin ang nangyari noong inamiyendahan ang R.A. 6734 ng R.A. 9054.

Sa ganitong kalagayan, masasabing bahagi ang mga T.L. ng tatlong sistema na may magkakaibang pinalawak na kkk: kkk ng T-L, kkk ng Muslim na bahagi ng pandaigdigang pananampalatayang sa kasalukuyan ay nasasangkot sa isang marahas na krisis, at kkk ng Kristiano na bahagi rin ng isa pang pandaigdigang pananampalatayang dumaranas rin ng sarili nitong krisis o kalibugan. Ang tatlong kkk na ito ay bahagi ng RP na nagdadala ng kkk ng pandaigdigang sistema ng kapitalismo. Sa lubhang masalimuot na kalagayang ito ng iba-ibang sistema ng kkk, hindi maiiwasan ang paglitaw ng tunggaliang paminsan-minsan ay nagiging marahas at humahantong sa pagtutulak ng mga Muslim at Kristiano sa mga T-L sa liblib ng kanilang dating malawak na “fusaka inged” (lupaing ninuno). Bago pa nito, sa tunggalian ng Kastila at Moro, tumigil ang paglaganap ng Islam sa Luzon, pero nanatili sila sa timog Palawan, sa Gitnang Mindanao at sa kapuluan ng Sulu. Dumami naman ang mga migrante na galing sa Luzon at sa Visayas sa pasimuno at suporta ng pamahalaan, bagaman may ilan na kusang nangibang-bayan.

Sa pananaw ng mga T-L, malaki ang kapabayaan sa kanila ng gobyerno, pati ARMM, kahit may mga ahensiya (National Commission on Indigenous

Peoples [NCIP] at Office of Southern Cultural Communities [OSCC]) na may mandatong tumulong sa mga katutubo. Dahil sa mga karanasan ng patong-patong at pangmatagalan na kapabayaang pang-aapi sa mga T-L, nagsagawa ang kanilang liderato ng mga hakbang upang palakasin ang kanilang kolektibong lakas bilang T-L sa pagtatanggol at pagsulong ng kanilang mga karapatan bilang mga katutubo at bilang tao (*human* o *Homo sapiens*). Dahil kkk na kaugnay ng lupa at pamumuhay ang pinakabatayan ng pagkilos ng mga T-L, at ganun din sa mga Moro, maaaring tawagin ang ganitong tunggalian na isang uri ng “pulitika ng kasinohan” (*politics of identity*) kaugnay ng adhikain ng kasarinlan o otonomi (*autonomy*): Sino-sino ang mga grupong kasangkot? Ano ang batayan ng kanilang kasinohan o pagkakilanlan na kanilang ipinaglalaman? Paano nila ito ipinaglalaman? Ano ang ugnayan, halaga, at gamit ng kkk sa ganitong tunggalian?

Noong 1990-1991, sa pamumuno ng mga baglalan (*leaders*) at bliyan (*spiritual leaders*), nagsimula ang mga T-L ng sama-sama, masinop, at malalimang pag-aaral ng kanilang kkk gamit ang nalalaman nila noon na kkk. Kabilang dito ang paraang “tuladan,” isang katutubong paraan ng masinsinang pag-aaral ng kalikasan, lipunan, at kultura. Nagresulta ito sa pagsusulat nila, sa wikang Teduray, ng Tegudon (*Creed*) at *Ukit*, ang itinuturing ng mga T-L na kanilang konstitusyon (Timuay Justice and Governance 2011). Kapansin-pansin na sa pagbuo nila at paggamit ng kanilang kkk, isinaalang-alang din nila ang mga batas pambansa (IPRA at 1987 Philippine Constitution) at mga kinauukulang international human rights instruments, kasama na ang ILO 169 (*Convention on the Rights of Indigenous People and Tribal Peoples*), at sa ngayon, kanila ring isinasaalang-alang ang UNDRIP (UN Declaration on the Rights of Indigenous Peoples) sa kanilang pagkilos. Isinasaalang-alang din nila ang mga angkop na probisyon ng R.A. 9054 (Organic Act ng ARMM at *Muslim Mindanao Act 241* o *Tribal Peoples Rights Act*). Malinaw na kumprehensibo ang kanilang *Ukit*.

Ang Tegudon (*Creed*) na bahagi ng *Ukit* ay may anim na batayang alituntunin bilang gabay sa kanilang pamamahala at pamumuhay:

- i. *Refa Lowoh*. Maigting at maayos na ugnayan ng tao at kalikasan. Ang kalikasan ay karugtong ng katawan at buhay ng tao. Sa kalikasan nakaugat ang kultura, at pinanggagalingan ng kanilang kabuhayan, pagkain, gamot, gamit-pambahay, at iba pa. Ang kasasayan ng buhay katutubo ay nakaukit sa kapaligiran tulad ng mga burol, gubat, ilog, dagat, pati bituin sa kalawakan. Huwag sirain, bagkus ay alagaan.
- ii. *Timu* (salitang-ugat ng “timuway” = *collective leader/tribal chieftain*). Sama-samang pamumuno. Ang kapangyarihan ng mga namumuno ay

galing sa karanasan ng boluntaryong sama-samang pagkilos sa gawaing agrikultural. Sa timu, ang kapangyarihan ng pamumuno ay mula sa malayang pahintulot ng mga mag-inged (mamamayan) sa pamamagitan ng kanilang mga boluntaryong samahan.

- iii. *Metiman* (timanan o komunal). Ang tao ay tagapag-alaga ng kalikasan. Ang lupa at likas-yaman ay pag-aari ng lahat, bagama't iginagalang ang karapatang magkaroon ng sariling ari-arian. Sinusuportahan ng TJG ang pagpapaunlad sa indibidwal at kolektibong kakayahan sa produksiyong agrikultural, gawaing teknikal, at industrialisasyon.
- iv. *Serifata*. Pagkapantay-pantay ng mga tao. Ang mga tao ay anak ng Inang Lupa, kaya, bilang mga anak, dapat ay pantay-pantay ang pagpapahalaga sa isa't isa. Ipinagbabawal ang paggamit sa ibang tao para sa makasariling pakinabang.
- v. *Kefiyo fedew*. Ang kapayapaan ng isip ay ang kawalan ng lidu o tunggalian at pagkakaroon ng kaginhawahan. Isa itong batayan ng katarungan at kaunlaran ng lahat at hindi ng iisa o iilan.
- vi. *Lumut minanga* (progresibong pluralismo). Bilang pagkilala sa kahalagahan ng kapwa tao, maging bukas o mapang-unawa sa pakikipag-ugnayan sa ibang tao, indibidwal man o pangkat (personal na komunikasyon, Alim Bandara 2015).

Ayon sa kanila, ang Tegudon ay buhy na mga prinsipyo na dapat umangkop sa pagbabago ng panahon at kalagayan. Batay sa mga buháy na alituntunin o prinsipiyoung ito, bumubuo sila ng mga patakaran at programa at iba pang mga gawain o pagkilos sa kanilang pamumuno at pamamahala, sa pagtugon sa mga pangangailan at adhikain nila, pati na ang pagharap sa mga hamon sa kanilang karapatang legal at pantao. Inaamin nila na dahil sa kanilang kasalukuyang lubhang masalimuot na kinalalagyan (kalibugan), totoong malaking kahirapan ang pagsunod o pagtupad ng kanilang Ukit at Tegudon (kkk). Halimbawa, noong 5-11 Hunyo 2006, pagkatapos magmartsa-protesta ng 75ng kilometro ang humigit-kumulang na 700 katao upang ipagtanggol ang natitira nilang kagubatan na sinisira ng isang *Integrated Forest Management Agreement*, nagsabi ang mga baglalan (*secular leaders*) at bliyan (*spiritual leaders*) ng ganito:

“Gone were the days when we declared that land and nature is the extension of our body and life, that nature provides us with food, shelter, medicine and clothing. Moreover, we are now at a loss when we make nature as reference and reading materials to know the weather conditions, the planting season, hunting, fishing, etc. In

totality, we lost nature as the source of knowledge, power and life. Yes, this is maybe the price we got from technology's growing impact and ability to disrupt and destroy nature with the simple reason that this will provide job and employment opportunities for workers, and obviously for the masters to gain profit.” (Bandara 2010)

Merong pang mga dagdag:

a) “The level of disorder between the relationship of human beings and the environment like the mountains, forest, rivers, animals, and other creatures, keeps on growing every day. This is worrisome because behind this relationship is our strong belief that any violations committed against nature usually end up in accident, poor harvest, sickness and, on the maximum, loss of life.”

b) “This is why we communicate with nature. These we do through rituals and display of tribal symbols on protected areas such as hunting, fishing and farming grounds, places of worship, villages, etc. This way we are assured of a lifetime job and employment with fair working relations with nature, and that all products of labor to the benefit of every member of the community.” (Bandara 2010)

Sa kabila ng mga ganitong kkk, inaamin nila na sa kanilang karanasan, hindi tinatablan ng kanilang mga ritwal at pagdeklara ng mga sagradong lugar ang mga “*spoilers of sustainable economy to rape the environment just to earn money and get profit.*” Ang tila wala nang bisang mga ritwal laban sa mga “*profit seekers*” ay kinikilala ng mga T-L na isang krisis. At nagsabi sila:

“Yes, we admit that assault on nature cannot be stopped through the usual conduct of tribal rituals though we fully recognize the time-honored and historic tradition of communicating with the spirits. And despite all these problems, we need to move forward without sacrificing the past. Perhaps, now is the time to transform our tribal rituals and symbols into effective tools of communication, of dialogue, of negotiation and of building agents of solidarity, solidarity in vision, in principles and solidarity in action. And for those that are not within the domain of this cultural and spiritual crisis, all we can do now is to remind them of the general belief that earth is mother to humanity. Hence, we, the children of the earth should give equal care to one another, and above all, to our one

and only mother earth in order to live a lasting family life together.”

Patuloy at tumitindi ang hamon sa buhay at sa mga karapatang legal at pantao ng mga T-L. Bilang tugon, patuloy rin ang paggamit ng mga T-L ng kanilang nagbabagong kkk sa pagtupad nila sa sinabi nilang “*from rituals of nature to rituals of struggle*,” gaya ng mga sumusunod:

tulak liyen. Ito ay ritwal para “ilibing” ang IPRA, bilang protesta sa di pagpapatupad ng NCIP at OSSC –ARMM ng kanilang mandato; kung hindi ipinapatupad ang batas, gaya ng IPRA, dapat lamang itong ilibing na, at kung ang mga tao na mismo ang magpapatupad sa hindi ipinatupad na batas, hindi sila dapat sisihin dahil wala na ang batas at nailibing na ito. (E.g., sinasabi ng IPRA na ang pinakabatayang prinsipiyo ng “*ancestral domain delineation*” ay “*self-delineation*.” Pero ang NCIP at OSCC ay hindi binibigyan ng official order para pormal na maisaayos ang pagproseso ng CADT application ng mga T-L. Kung sila na mismo ang mag-delineate bilang pagpapatupad sa prinsipyo ng self-delineation, hindi sila pwedeng sisihin ng NCIP dahil sa nailibing na ng T.L ang IPRA.) Tumalab ang ritwal na ito sa NCIP dahil pagkatapos ng ritwal ay gumalaw ang NCIP upang ipatupad ang kanilang mandato.

tulak falimu. Ito ay ritwal para sa perimeter survey ng kanilang fusaka inged (*ancestral domain*) na isinagawa sa madaling araw; ang gabi ay panahon ng pagtulog at pamamahinga at “paglaki”. Isinasagisag ng ritwal na ito na walang masamang mangyayari sa mga magsu-*survey* at pagkatapos ng *survey*, lalago at uunlad din ang fusaka inged sa pamamagitan ng maayos na pagpapalano mga programang pangkaunlaran na mula sa tribu at kontrolado nila.

tulak bungkas itungan. Ito ay ritwal “*for the enlightenment of Congress*” na isinagawa sa Batasan Complex noong 10 Mayo 2015 “*for divine intervention for discernment to show us the right path towards genuine and lasting peace in Mindanao, the country and all humanity*”; ritwal din ito para sa “*inclusive BBL*” na ibig sabihin ay “*full inclusion of IPRA*” sa panukalang *Bangsamoro Basic Law* (BBL).

pakikipag-usap at pagsusulat at pagharap sa mga kinauukulan tungkol sa kanilang mga pangangailan at karapatan (e.g., mga *hearing* ng Bangsamoro Transitory Commsission at mga *congressional hearing* tungkol sa BBL).

Sa paggamit ng mga T-L ng kanilang kkk at iba pang angkop na kaalaman at kakayahan para sa kanilang otonomi o kasarinlan na kinikilala

na ng batas, ng 1987 *Philippine Constitution*, at sa mga *international human rights instruments*, hindi nila kinakalimutan na, ayon sa kanilang Tegudon, kasama nila ang mga iba pang pangkat o grupo sa paghahanap ng pangkalahatang katarungan, kalinaw, at kaunlaran sa buong Mindanao at buong bansa. Sa kasalukuyang kalagayan nila, saklaw nito hindi lamang sila bilang T-L kundi pati mga Moro at mga tinaguriang “*migrant settlers and their descendants*”. Gaano man kahirap, isinasabuhay nila ang adhikaing ito, sa isip, sa salita, sa damdamin, sa diwa at sa gawa.

Pansamantalang pagwawakas: ang kkk sa kasalukuyang pag-iral ng kalibugan

Tila simple ang konsepto ng kkk o IKSP (*indigenous knowledge systems and practices*). Sa karaniwang gamit nito kaugnay ng kkk ng mga grupong etniko at sa pinalawak na kahulugan (di sinsasaklaw ng pook ang kaalaman), malinaw na kapag tingnan ang kasaysayan (paglingon) ng kaalaman at kakayahan (ang karunungan ay lakas), maraming matutunan na magagamit sa pagharap (patutunguhan) sa mga hamon ng kasalukuyang kairalan ng kalibugan sa iba-ibang pook at kalipunan at mga sangkap nito, sa iba-ibang antas mula sa pook lokal hanggang pambansa at pandaigdigang.

Tala ng may-akda: Ang sanaysay na ito ay nagmula sa isang papel na inihanda para sa kumperensiya ng Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya, Unibersidad ng Pilipinas, “Pasundayag Tungo sa Haraya 2020”, na iginanap noong 23-24 Hulyo 2015, Holiday Inn, Clark Freeport, Pampanga.

Mga Sanggunian

- Agabin, Pacifico A. (2011). *Mestizo: The Story of the Philippine Legal System*. U.P. Law Centennial Textbook Project. Diliman, Quezon City: University of the Philippines, College of Law.
- Agenda 21: The United Nations Programme of Action from Rio*. (1992). United Nations Conference on Environment & Development Rio de Janeiro, Brazil, 3-14 June 1992.
- Agpalo, Remigio. (1969). *Pandanggo Sa Ilaw: The Politics of Occidental Mindoro*. Ohio University Center for International Studies.

- Agpalo, Remigio E. (1973). *The Organic-Hierarchical Paradigm and Politics in the Philippines*. Quezon City : University of the Philippines Press.
- Bautista, Violeta V. at Rogelia Pe-Pua (mga pat.). (1991). *Pilipinolohiya: Kasaysayan, Pilosopiya, at Pananaliksik*. Manila: Kalikasan Press.
- Bandara, Alim. (2010). Tribal Rituals in Crisis: From Rituals to Protect Nature to Rituals of Struggle. Papel na inihanda para sa ika-32 na taunang kumperensiya ng Ugnayang pang-Aghamtao, "Kalikhasan in Flux: Indigenous Peoples' Creativity in a Changing Natural Environment", 20-23 Oktubre, 2010, Pambansang Museo, Manila.
- Bennagen, Ponciano L. (2004). Capacity Building for Sustainability for Indigenous Cultural Communities: A Handbook. United Nations Development Programme. Global Environment Facility/The Royal Netherlands Embassy Small Grants Programme.
- Bennagen, Ponciano L. (1980). The Asianization of Anthropology. *Asian Studies* 18:1-26.
- Bennagen, Ponciano L. (1982). The Filipinization of the Social Sciences: Focus on Social Work. Papel na inihanda para sa ika-7 "National Workshop on Social Work Education," 24-25 Pebrero 1982, Teacher's Camp, Lungsod ng Baguio.
- Bennagen, Ponciano L. (1983). National Perspectives on Social Science Development in the Philippines. Inihanda para sa ika-5 Pangkalahatang Kumperensiya ng Association of Asian Social Science Research Councils. Sydney, Australia. 4-11 December.
- Bennagen, Ponciano L. (1985a). Philippines—swidden cultivation among the Dumagat. In *Swidden Cultivation in Asia*, Vol. 3: *Empirical Studies in Selected Swidden Communities: India, Indonesia, Malaysia, Philippines, Thailand* (213-268). Bangkok: UNESCO Regional Office for Education in Asia and the Pacific.
- Bennagen, Ponciano L. (1985b). Indigenous Learning System among the Kankanaey: A Pilot Case Study. *Innotech Journal* 9(1):1-36.
- Bennagen, Ponciano L. (1977). Pagbabago at Pag-unlad ng mga Agta sa Palanan, Isabela. *Diwa: Dyornal Sa Sikolohiya, Agham, Kultura, at Lipunang Pilipino* 6(1-4):2-103
- Bennagen, Ponciano L. at Maria Luisa Lucas-Fernan (mga pat.). (1996). *Consulting the Spirits, Working with Nature, Sharing with Others: Indigenous Resource Management in the Philippines*. Quezon City: Sentro para sa Ganap ng Pamayanan.
- Convention on Biological Diversity*. (1992). United Nations.

- Diokno, Jose W. (1987). A Filipino Concept of Justice. Nasa Priscilla S. Manalang (ed.), *A Nation for our Children*. Quezon City: Claretian Publications.
- Esteban, Rolando C. (2002). *The Kalibugans: Moros of Zamboanga Peninsula: An Inquiry into Social Fission, Hybridity, and Ethnicity*. Manila: University of Santo Tomas Publishing House.
- Feliciano, Gloria D. (1965). The Limits of Western Social Research Methods in Rural Philippines. *Lipunan* 1(1):114-127.
- Fernandez, Perfecto V. (1976). *Custom Law in Pre-Conquest Philippines*. Quezon City: U.P. Law Center.
- Fox, Robert B. (1967). *Pre-History of the Philippines*. Aspects of Philippine Culture, no. 1. Manila: National Museum.
- Fox, Robert B. (1970). *The Tabon Caves: Archaeological Explorations and Excavations on Palawan Island, Philippines*. Monograph of the National Museum, no. 1. Manila: National Museum.
- ILO 169/Indigenous and Tribal Peoples Convention, 1989 (No. 169) *Convention concerning Indigenous and Tribal Peoples in Independent Countries (Entry into force: 05 Sep 1991) Adoption: Geneva, 76th ILC session (27 Jun 1989) - Status: Up-to-date instrument (Technical Convention)*.
- Indigenous Peoples' Rights Act* (IPRA or R.A. 8371). Republic Act No. 8371. (1997, October 29). An Act to Recognize, Protect and Promote the Rights of Indigenous Cultural Communities/Indigenous Peoples, Creating a National Commission on Indigenous Peoples, Establishing Implementing Mechanisms, Appropriating Funds Therefor, and For Other Purposes
- Jocano, F. Landa. (1975). *Philippine Prehistory*. Lungsod ng Quezon: Philippine Center for Advanced Studies.
- Jocano, Felipe Landa. (1975a). *Questions and Challenges in Philippine Pre-History*. Professorial Lecture Series / University of the Philippines, Monograph no. 7. Quezon City: University of the Philippines Press.
- Jocano, Felipe Landa. (1975b). *The Philippines at the Spanish Contact: Some Major Accounts of Early Filipino Society and Culture*. Manila: MCS Enterprises.
- Maceda, Jose. (1998). *Gongs & Bamboo: A Panorama of Philippine Music Instruments*. Quezon City: University of the Philippines Press.
- Mijares, Armand Salvador. (2007). Unearthing Pre-history: The Archaeology of Northern Luzon, Philippine Islands. *British Archaeology Reports International Series*, 1613. Oxford: John & Erica Hedges.

- Navarro, Atoy, Mary Jane Rodriguez, at Vicente Villan (mga pat.). (2000). *Pantayong Pananaw: Ugat at Kabuluhan, Pambungad sa Pag-aaral ng Bagong Kasaysayan*. Lungsod Quezon: Palimbagan ng Lahi.
- The Constitution of the Republic of the Philippines*. (1987). (Retrieved from <http://www.gov.ph/constitutions/1987-constitution/>)
- Manuel, Esperidion Arsenio. (1985). *Guide for the Study of Philippine Folklore*. Quezon City: Published for the Philippine Folklore Society by Efren R. Abueg.
- Mercado, Leonardo N. (1977a). *Applied Filipino Philosophy*. Tacloban City: Divine Word University Publications.
- Mercado, Leonardo N., ed. (1977b). *Filipino Religious Psychology: Ulat ng Unang Kumperensyang Rehiyonal sa Sikolohiyang Pilipino*, 13-15 Enero, 1977, Divine Word University, Tacloban City. Tacloban City: Divine Word University Publications.
- Mercado, Leonardo N. (1979). *Elements of Filipino Ethics*. Tacloban City: Divine Word University Publications.
- Mercado, Leonardo N. (ed.). (1994). *Working with Indigenous Peoples: A Philippine Source Book*. Asia-Pacific Missiological Series no.4. Manila: Divine Word Publications.
- Mercado, Leonardo N. (2005). *Essays on Filipino Philosophy*. Manila: Logos Publications.
- Miranda, Bienvenido. (1994). A Tested Scheme for Creating the Filipino Science Vocabulary. Nasa Bonifacio Sibayan at Leonard E. Newell (mga pat.), *Papers from the First Asia International Lexicography Conference, Manila, Philippines, 1992* (255-262). LSP Special Monograph Issue, 35. Manila: Linguistic Society of the Philippines.
- Muslim Mindanao Act 241 (Tribal Peoples Rights Act)*. (2008, June 11). Muslim Mindanao Autonomy Act No. . 241. An Act to Recognize, Respect, Protect and Promote the Rights, Governance and Justice Systems, and Customary Laws of the Indigenous Peoples/Tribal Peoples o the Autonomous Region in Muslim Mindanao.
- NCIP Administrative Order No.1, series of 2012. The Indigenous Knowledge Systems and Practices (IKSPs) and Customary Laws (CLs) Research and Documentation Guidelines of 2012.
- National Indigenous Peoples Education Policy Framework (DepED Order No. 62, series 2011).
- Pailig Development Foundation, Inc. (2007). *'Rido': A Traditional Conflict in Modern Times*. Iligan City: Pailig Development Foundation.

- Pe-Pua, Rogelia at Elizabeth Protacio-Marcelino. (2000). Sikolohiyang Pilipino (Filipino Psychology): A Legacy of Virgilio G. Enriquez. *Asian Journal of Social Psychology* 3:49–71.
- Republic Act No. 6734. August 1, 1989. *Organic Act for the Autonomous Region in Muslim Mindanao*.
- Reyes, Giovanni at Kathleen T. Okubo [mga pat.] (2011). *William “Billy” Funa-Ay Claver Towards Genuine Implementation of Indigenous Peoples’ Rights Law Selected Speeches and Statements*. Baguio City: Tebtebba Foundation.
- Scott, William Henry. (1994). *Barangay: Sixteenth-Century Philippine Culture and Society*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.
- Soriano, L. Brillantes (pat.). (1981). *Indigenous Learning Systems for Deprived Areas*. Proceedings of a SEAMEO Regional Seminar at the Center for Educational Innovation and Technology (InnoTech), Manila.
- Tan, Michael L. (2010). Philippine Anthropology in a Post-Anthropology Age. In Jorge V. Tigno (ed.), *Philippine Social Science Discourses -- Rafael V. Palma Lectures Commemorating the UP Centennial* (pp.7-23). Quezon City: CSSP Publications, UP Diliman, 2010.
- Timuay Justice and Governance. (2011). Tuladan Module: Basic Educational Material for the Baglalan Academy of the Timuay Justice and Governance. Upi, Maguindanao.
- WCED. (1987). World Commission on Environment and Development. *Our Common Future*. Oxford: Oxford University Press.

Si Ponciano L. Bennagen ay retiradong guro ng Departamento ng Antropolohiya, Unibersidad ng Pilipinas.
Email: ponsbennagen@yahoo.com